# INTERNATIONAL NAPASA (September 30, 2025)

## 1) IMPORMASYON UKOL SA GABAY SA PAGPASOK NG HIGH SCHOOL

高校入学ガイダンスのお知らせ

**MGA SCHEDULE NG GABAY SA MGA NAIS PUMASOK SA PUBLIC HIGH SCHOOL NG KANAGAWA PREFECTURE SA TAONG 2026**:

1. September 15 (Monday) sa Kawasaki International Exchange Center
2. September 23 (Tuesday) sa Nishi Koukaidou Yokohama City
3. October 5 (Sunday) sa Shibuya Private Junior High sa Yamato.
4. October 13 (Monday) sa City Plaza sa Atsugi City
5. October 19 (Sunday) Koyo Junior High School sa Hiratsuka City.
6. October 26 (Sunday) sa Sagamihara International Lounge sa Sagamihara City.

Para sa mga nais dumalo ay mag-apply sa website ng ***KANAGAWA PREFECTURE (me-net).*** At sa mga taong nag-apply na ay ipadadala sa e-mail ang oras at iba pang detalyadong impormasyon. At para sa mga nangangailangan ng taga-salin ng wika ay ipaalam na lamang sa amin.

## ２）SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa October 3 (Friday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***TOKYO VERDY.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng
**¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## ３）UKOL SA JAPANESE LANGUAGE CLASS MULA SA MGA BOLUNTARYONG GURO

ボランティアによる日本語教室のお知らせ

Ang mga sumusunod na 4 na ***JAPANESE LANGUAGE CLASS*** sa Hiratsuka City mula sa mga boluntaryong guro:

1. **HIRATSUKA INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION.**
2. **KABERA JAPANESE LANGUAGE ASSOCIATION.**
3. **SHONAN JRC**
4. **YOKOUCHI PROJECT**

Ang lahat ng nabanggit na Classroom ay walang bayad at ang lugar, araw ng pagsisimula, Kwalipikasyon sa Paglahok at mga detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City.

## ４）PAGBABAGO NG MGA BAYARIN SA PAG-PROSESO NG PAPELES NG MGA

外国人の在留手続き手数料改定のお知らせ

Mula April 1, 2025 ay nabago na ang halaga ng bayarin sa pag-proseso ng paninirahan ng mga dayuhan.

**ANG MGA PANGUNAHING NABAGO AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Application for Change of Status of Residence, mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
2. Applicaiton for Extension of Period of Stay, mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
3. Applicaiton for Permanent Residence, mula ¥8000 ay naging 10,000
4. Application for Re-Entry Permit( Single), mula ¥3000 ay naging ¥4000
5. Application for Re-Entry Permit (Multiple), mula ¥6000 ay naging ¥7000.
6. Certificate of Employment Eligibility, mula ¥1200 ay naging ¥2000.

Para sa iba pang detalye ay makikita sa Home Page ng Immigration Service Agency ng Japan.